Republic of the Philippines
Department of Education
REGION XI
SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY

**OFFICE OF THE SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT**

**Pansangay na Pagpapayo Blg. 047 s. 2021**
Hunyo 23, 2021

## PAANYAYA SA PAGDALO SA KUMPERENSIYA SA GINHAWA

**Para sa mga:** Tagamasid Pampurok
Punong-guro ng mga Elementarya at Sekondarya

1. Alinsunod sa Paanyaya mula sa Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, ang mga kaguruan, kawani at mag-aaral ay inaanyayahang dumalo sa kauna-unahang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa na may temang "Ginhawa sa Panahon ng Pandemya: Pag-unawa at Pagtugon sa mga Hamong Dulot ng Pandemya" na gaganapin sa 1-3 Hulyo 2021.

2. Layunin ng nasabing kumperensiyang ito ang magbigay ng pagkakataon para sa pagbabahagi ng mga pananaliksik at karanasang pang-praktika na may kinalaman sa: 1) pag-unawa sa karanasan ng pandemya para sa mga Pilipino, 2) mga modelo at pamamaraan ng pagpapaigting ng nakagiginhawang pag-angkop at paglago sa iba't ibang aspeto ng buhay tulad ng sa sarili, pamilya, komunidad, at pinagtratrabahuhan, at 3) mga batayang panuntunan sa pangangalaga at pagsulong ng ginhawa sa panahon ng pandemya.

3. Ang mga detalye sa nasabing kumperensiya ay makikita sa kalakip na dokumento.

4. Hiniling ang malawakang pagpapalaganap ng pahayag na ito sa mga kinauukulan.

**CRISTY C. EPE**
Tagapamanihalang Pansangay

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED
21-73368
DATE: 06-29-2021 TIME: 01:59 p.m.
BY: HELENA O. SOLON, LPT, MPA

**Address:** Roxas Street cor. Lopez Jaena Street, Zone II, Digos City 8002
**Telephone No:**(082) 553-8396 | (082) 553-8376 | (082) 553-9170 | (082) 553-8375

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 7255-7483 E-mail: sekretaryat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph

**LUPON NG MGA KADIWA**
***(BOARD OF TRUSTEES)***
**2020-2021**

*Pangulo*
**Jose Antonio R. Clemente**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Pangalawang Pangulo*
**Darren E. Dumaop**
Pamantasang De La Salle

*Kalihim*
**Danielle P. Ochoa**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Ingat-Yaman*
**Michael David Tan Lopez**
Unibersidad ng Santo Tomas

*Mga Kasapi*

**Hadji A. Balajadia**
Pamantasang Ateneo de Davao

**Henmar C. Cardiño**
Unibersidad ng Santo Tomas

**Ricardo A. Clores**
Pamantasang De La Salle

**Carl O. Dellomos**
Pamantasang Normal ng Pilipinas

**Roberto E. Javier, Jr.**
Pamantasang De La Salle

**Argel B. Masanda**
Central Luzon State University

**Florabel S. Suarez**
Central Philippine University

**Homer J. Yabut**
Pamantasang De La Salle

*Ex-Officio*
**Jay A. Yacat**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**Danice D. Loria**
Pangulo, TATSULOK

*Sekretaryat*
**Kenneth Carlo L. Rives**
**Maristela F. Talampas**

*Pangulong Tagapagtatag*
**Virgilio G. Enriquez (+)**
Ama ng Sikolohiyang Pilipino

Ika-2 ng Hunyo 2021

Sa kinauukulan:

Isang mainit na pagbati mula sa pamunuan ng **Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP)**.

Taon-taon, nagtataguyod ang PSSP ng mga gawaing naglalayong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang inter-disiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan. Katuwang ang **UP Diliman Psychosocial Services (UPD PsycServ**), isasagawa po ng PSSP ngayong taon ang kauna-unahang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa na may temang **"Ginhawa sa Panahon ng Pandemya: Pag-unawa at Pagtugon sa mga Hamong Dulot ng Pandemya"** na gaganapin sa 1-3 Hulyo 2021.

Layunin ng kumperensiyang ito ang magbigay ng pagkakataon para sa pagbabahagi ng mga pananaliksik at karanasang pang-praktika na may kinalaman sa: (i) pag-unawa sa karanasan ng pandemya para sa mga Pilipino, (ii) mga modelo at pamamaraan ng pagpapaigting ng nakagiginhawang pag-angkop at paglago sa iba't ibang aspeto ng buhay tulad ng sa sarili, pamilya, komunidad, at pinagtratrabahuhan, at (iii) mga batayang panuntunan sa pangangalaga at pagsulong ng ginhawa sa panahon ng pandemya.

Kaugnay nito, nais naming anyayahan ang inyong mga kaguruan, kawani, at mag-aaral na dumalo sa nabanggit na kumperensiya. Ang bayad sa pagdalo ay **Php900** (Kasaping Panghabambuhay ng PSSP; Kasapi ng PSSP na bayad ng *membership fee* sa taong 2021)**, Php1,200** (Di-Kasapi; Kasapi ng PSSP sa mga nakaraang taon pero HINDI bayad ng membership fee sa taong 2021) at **Php1,900** (may kasamang *membership* sa taong 2021)**.** Ang lahat ng interesadong dumalo ay kailangang magpatala sa *online form*: **bit.ly/Ginhawa2021.**

Maaari pong magdeposito/mag-transfer ng bayad sa aming Chinabank *account*:

> *Account Name:* **National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc. (Alternatibong Account Name: NASPI)**
> *Account Number:* **114202018446 (Savings Account)**
> *Branch:* **Corinthian Hills, Quezon City**

Umaasa po kami sa inyong positibong tugon. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**Dr. Jose Antonio R. Clemente**
Pangulo

*/kclr09*

Tungo sa isang malaya at mapagpalayang sikolohiya.